

7

Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwartar 3

Aralin

5

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 7
Kuwartar 3: Aralin 5
SY 2024-2025

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Charie Ann C. Padullo (Leyte Normal University)
- Analyn Fabian (Valenzuela National High School)

Tagasuri:

- Voltaire M.Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University – Manila)

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SIMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

ARALING PANLIPUNAN/ IKATLONG KUWARTER/ BAITANG 7


I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards)	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa sa konteksto ng kolonyalismo sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards)	Nakapagsasagawa ng pagtatanghal na nagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya sa konteksto ng kolonyalismo.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto (Learning Competencies)	Mga Kasanayan: Nasusuri ang mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung.
D. Nilalaman (Content)	1. Kumperensiya ng Bandung Mga Hamon ng Pagkabansa sa Pangkontinenteng Timog-Silangang Asya (Cambodia, Laos, Myanmar, Thailand, at Vietnam) Matapos ang Kumperensiya ng Bandung
E. Integrasyon (Integration)	<i>Sustainable Development Goals (SDG 16 – Promote peaceful and inclusive societies for sustainable development, provide access to justice for all and build effective, accountable and inclusive institutions at all levels)</i>

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

- Abulencia, A. S., Lodronio, R. G., Antonio, E.D., Imperial, C. M., & Soriano, C. D. (2020). Pamahalaan, programang pangkababaihan, at edukasyon sa South at Western Asia. In Kayamanan: Araling Asyano (pp. 290-292). Quezon City, Philippines: Rex Printing Company, Inc.
- Abulencia, A. S., Lodronio, R. G., Antonio, E.D., Imperial, C. M., & Soriano, C. D. (2020). Pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura sa South at Western Asia. Inc. Kayamanan: Araling Asyano (pp. 305-321). Quezon City, Philippines: Rex Printing Company, Inc.
- Blando, Rosemarie C. et.al. (2014). Araling Panlipunan: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. 1st ed. Pasig City.
- Bustamante, Eliza D. (2016). Sulyap Sa Kasaysayan ng Asya. Muling Nilimbag. St Bernadette Publishing House Corporation. Quezon City.

- Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2023, May 11). *Bandung Conference*. *Encyclopedia Britannica*. <https://www.britannica.com/event/Bandung-Conference>
- Interactive Map of Asia: Asia map showing countries and seas. Pinterest. <https://www.pinterest.ph/pin/88242473920649047/>
- Office of the Historian. (n.d.). Bandung Conference (Asian-African Conference), 1955. <https://history.state.gov/milestones/1953-1960/bandung-conf>
- Wilson Center. (n.d.). Bandung Conference, 1955. Digital Archive. <https://digitalarchive.wilsoncenter.org/topics/bandung-conference-1955>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA sa GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman (Mind & Mood)	MUNTING BALIK-ARAL Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain: Isaayos Mo Ako! Magbibigay ang guro ng mga salita na may kaugnayan sa paksang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tutukuyin ng mga mag-aaral kung ang mga salitang ipapakita ng guro ay sanhi o bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ididikit ito sa talahanayan na ginawa ng guro na nasa pisara. Alyansa Militarismo Kapinsalaan Imperyalismo Nasyonalismo Big Four Liga ng mga Bansa (<i>League of Nations</i>) Pagbagsak ng Imperyo Pagkamatay ng mga tao Labing-Apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson Gabay na mga tanong:	Ang gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring magamit upang balikan ang natapos na aralin at bilang panulay sa bagong paksang tatalakayin sa linggong ito.

	1. Saang bahagi ng daigdig naganap ang pinakamainit na labanan? 2. Ano ang mga dahilan ng pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig? 3. Bakit napilitan na makisangkot ang United States sa digmaan? 4. Sino-sino ang mga pinuno na nanguna sa Unang Digmaang Pandaigdig? 5. Ano-ano ang mga hakbang na isinagawa ng mga pinuno ng bansa upang wakasan ang Unang Digmaang Pandaigdig?	
B. Paglalahad ng Layunin (Aims)	1. Panghikayat na Gawain A. Pag-isipan Mo: Sa pamamagitan ng mapa ng kontinenteng Asya, isulat ang mga bansang nabibilang batay sa lokasyon. Sagutan ang sumusunod na tanong. 	Sa bahaging ito ay mahalagang maipaalam sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng paksang tatalakayin. Maaaring gamiting gabay ang mga kalakip na gawain.

1. Anong mga bansa ang nabibilang sa Timog-Silangang Asya?


2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin

A. Piliin Mo Ako: Ang lahat ng mga estudyante ay isusulat ang kanilang mga pangalan sa ika-1/8 na bahagi ng papel. Ilalagay ang bawat pangalan sa isang kahon. Ang guro ang pipili ng pangalan na nasa loob ng kahon at pagkatapos ay pipili naman ang estudyante ng numero mula sa bulaklak na may kasamang mga salita. Sila ay magbibigay ng kanilang sariling kahulugan sa mga salitang ito na may kaugnayan sa paksa na tatalakayin.

Ang mga gawaing ito ay maaaring makatulong upang mas lalong maunawaan ng mga mga-aaral ang mga konseptong may kaugnayan sa paksa.

Mga kasagutan:

1. Kumperensiya
2. Hamon
3. Kontinente
4. Bansa
5. Asya
6. Africa
7. Nasyonalismo
8. Kolonyalismo
9. Timog-Silangan
10. Thailand



Mga Salita:

1. Kumperensiya
2. Hamon
3. Kontinente
4. Bansa
5. Asya

6. Nasyonalismo
7. Kolonyalismo

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang masasabi mo tungkol sa mga salitang binigyang-kahulugan?
2. Bakit mahalagang matutuhan ang mga konseptong ito?

B. Konseptong Nais Ko, Hulaan Mo: Basahin ang mga patnubay sa bawat bilang. Kilalanin at tukuyin ang mga konseptong inilalarawan sa pamamagitan ng pagsusulat ng wastong letra sa loob ng bawat kahon.

1. Ito ay regular na pagpupulong para sa isang talakayan, karaniwang isinasagawa ng mga asosasyon o organisasyon.

K	U			E		E			Y	
---	---	--	--	---	--	---	--	--	---	--

2. Ito ay mga sitwasyon o kondisyon na nangangailangan ng mabisang solusyon o pagsusumikap upang malampasan.

H		M		N
---	--	---	--	---

3. Ang pinakamalaking uri ng anyong lupa. Ito ang pinakamalaking dibisyon ng lupain sa daigdig.

K	O		T	I		E		T	
---	---	--	---	---	--	---	--	---	--

4. Ito ay isang lugar o teritoryo na may naninirahang mga grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinanggalingan kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon, at lahi.

	A		S	A
--	---	--	---	---

	S	Y	
--	---	---	--

5. Ito ang pinakamalaking kontinente ng mundo.


6. Ito ang pangalawang pinakamalaking kontinente ng mundo.

A		R		C	A
---	--	---	--	---	---

	7. Ito ay isang konseptong na naglalayong ipahayag at itaguyod ang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling bansa. <table><tr><td>N</td><td></td><td></td><td>Y</td><td></td><td></td><td>A</td><td></td><td>I</td><td>S</td><td>M</td><td></td></tr></table> 8. Ito ay ang tuwirang pananakop ng isang bansa sa iba pa upang mapagsamantalahan ang yaman nito o makuha rito ang iba pang pangangailangan ng mananakop. <table><tr><td>K</td><td>O</td><td></td><td>O</td><td></td><td></td><td>A</td><td></td><td></td><td>S</td><td></td><td>O</td></tr></table> <table><tr><td></td><td></td><td>L</td><td>A</td><td>N</td><td></td><td></td><td>N</td></tr></table> 9. Ito ay isang subrehiyon ng kontinenteng Asya na binubuo ng mga bansang nasa katimugang Tsina, silangan ng India at hilaga ng Australya. <table><tr><td></td><td></td><td>M</td><td></td><td>G</td></tr></table> 10. Ito ay ang pinakamalaking bansa sa Timog-Silangang Asya <table><tr><td>T</td><td></td><td></td><td>I</td><td>L</td><td></td><td></td><td>D</td></tr></table>	N			Y			A		I	S	M		K	O		O			A			S		O			L	A	N			N			M		G	T			I	L			D	
N			Y			A		I	S	M																																					
K	O		O			A			S		O																																				
		L	A	N			N																																								
		M		G																																											
T			I	L			D																																								
C. Paglinang at Pagpapalalim (Tasks and Thought)	Kumperensiyang Bandung Kumperensiyang Bandung, isang pagpupulong ng mga estado sa Asya at Aprika—na itinataguyod ng Indonesia, Myanmar (Burma), Ceylon (Sri Lanka), India, at Pakistan—na idinaos noong April 18–24, 1955, sa Bandung, Indonesia. Sa kabuoan, 29 na bansa na kumakatawan sa higit sa kalahati ng populasyon ng mundo ang nagpadala ng kanilang mga kinatawan.	Ang mga gawaing nakalahad sa bahaging ito ay gawing gabay upang lubusan na maunawaan ang paksa sa linggong ito.																																													

	Ang kumperensiyang ito ay nagpapakita ng hindi kasiyahan ng limang tagasuporta sa kanilang tingin na pag-aatubiling makipag-ugnayan ng mga kapangyarihang Kanluranin sa kanila sa mga desisyon na may kinalaman sa Asya; ang kanilang pag-aalala sa tensiyon sa pagitan ng People's Republic of China at United States; ang kanilang layunin na magtakda ng mas matibay na pundasyon para sa mapayapang ugnayan ng China sa kanila at sa Kanluran; ang kanilang pagsalungat sa kolonyalismo, lalo na ang impluwensiyang Pranses sa Hilagang Africa; at ang intensiyon ng Indonesia na itaguyod ang kanilang kaso sa alitan sa Netherlands hinggil sa kanlurang New Guinea (Irian Jaya). Ang pangunahing debate ay nagtuon sa tanong kung dapat bang maparatangan ang mga patakaran ng Soviet sa Silangang Europe at Gitnang Asya kasama ang Kanlurang kolonyalismo. Isang alyansa ay narating kung saan ang "kolonyalismo sa lahat ng anyo nito" ay hinatulan, na may hindi tuwirang pagpaparatang sa Soviet Union, pati na rin sa Kanluran. Ang Chinese Prime Minister na si Zhou Enlai ay nagpakita ng makatarungan at pampayapa na disposisyon na nagpapahupa sa pangamba ng ilang delegadong <i>anti-communist</i> tungkol sa layunin ng China. Isang 10-puntong "deklarasyon sa pagsulong ng kapayapaan at kooperasyon sa buong mundo," na kinapapalooban ang mga prinsipyo ng United Nations Charter at ang Five Principles ni Indian Prime Minister Jawaharlal Nehru ("mutual respect" para sa "territorial integrity at sovereignty" ng ibang mga bansa, non-aggression, non-interference sa "internal affairs," equality at mutual benefit, at "peaceful coexistence"), ay pinagtibay ng buong pagsang-ayon. Sa sumunod na dekada, habang umuunlad ang dekolonisasyon at lumalaki ang hidwaan sa pagitan ng mga miyembro ng kumperensya, ang konsepto ng pagkakaisa ng mga bansa sa Asya at Aprika ay nabawasan ng kahulugan. Malalaking pagkakaiba sa pananaw sa pagitan ng mga tagasuporta ng orihinal na kumperensya ay lumitaw noong 1961 at muling noong 1964–65,	
--	--	--

	nang itulak ng China at Indonesia ang pangangailangan para sa pangalawang kumperensya ng mga bansa. Sa parehong mga pagkakataon, tagumpay ang India, kasama ang Yugoslavia at United Arab Republic (Egypt), sa pagsasagawa ng kumpetisyon na mga kumperensya ng mga hindi kabilang sa alinmang panig na bansa na tumatanggi sa malakas na anti-Kanluraning posisyon na inirerekomenda ng China at, noong 1964–65, ng Indonesia. Noong Nobyembre 1965, ang pangalawang kumperensiyang Asian-African (na dapat sana'y gaganapin sa Algiers, Algeria) ay walang tiyak na petsa ng pagpapaliban, at tila malabong magkaroon pa ng tagapagmana ang Kumperensiyang Bandung. Noong 2005, sa ika-50 anibersaryo ng orihinal na kumperensya, nagtipon ang mga lider mula sa mga bansang Asian at African sa Jakarta at Bandung upang ilunsad ang New Asian-African Strategic Partnership (NAASP). Nagtakda sila ng pangako na itaguyod ang pampulitika, pang-ekonomiya, at pangkulturang kooperasyon sa pagitan ng dalawang kontinente. 1. Pagproseso ng Pag-unawa Isulat ang mga ideya sa “<i>cloud callout</i>” batay sa teksto tungkol sa kumperensiyang Bandung (<i>Bandung Conference</i>), na nagtampok ng layunin ng dalawang kontinente sa pag-organisa ng nasabing kumperensiya. Alamin ang mga bansa na nag-organisa at ang mga layunin na kanilang layunin sa kumperensiya na ito.	
--	---	--



2. Pinatnubayang Pagsasanay

Ang Kuwento sa Poster: Ang mga mag-aaral ay gagawa ng poster na naglalarawan ng mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung. Maaaring gamitin ang kulay, mga larawan, at maikli lamang na teksto. Pagkatapos, magkaroon ng presentasyon at pag-uusap hinggil sa mga nilalaman ng bawat poster.

Rubrik:

Pamantayan	Puntos
Ang poster ay puno ng malalim at masusing pag-unawa ukol sa mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya matapos ang Kumperensiya ng Bandung. Ipinakita ng	5- Napakahusay

	<table><tr><td>kalahok ang kahusayan sa pagsasama ng ideya at malikhain na pagpapahayag.</td><td></td></tr><tr><td>Ang poster ay nagtataglay ng maayos na pang-unawa sa mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya. Maayos ang pagsasama ng ideya, at maingat ang paggamit ng kulay, larawan, at teksto.</td><td>4- Mahusay</td></tr><tr><td>Ang poster ay may kahusayan sa pangkalahatan. Nagtataglay ito ng mga ideya ukol sa mga hamon ng Timog- Silangang Asya ngunit maaaring may ilang aspekto ng pagsasama ng ideya na kailangan ng pagpapabuti.</td><td>3- Katamtaman</td></tr><tr><td>Ang poster ay may ilang kahinaan at pagkukulang sa pagsasama ng ideya. May mga aspeto ng disenyo na kailangang mapabuti upang maging mas malinaw at mas epektibo.</td><td>2- Kailangan ng Pagpapabuti</td></tr><tr><td>Ang poster ay may malaking kahinaan sa pangkalahatan. May malalang pagkukulang sa pagsasama ng ideya, disenyo, at pagsusulat. Hindi naipakita ang malalim na pag-unawa ukol sa mga hamon ng rehiyon.</td><td>1- Hindi Sapat</td></tr></table>	kalahok ang kahusayan sa pagsasama ng ideya at malikhain na pagpapahayag.		Ang poster ay nagtataglay ng maayos na pang-unawa sa mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya. Maayos ang pagsasama ng ideya, at maingat ang paggamit ng kulay, larawan, at teksto.	4- Mahusay	Ang poster ay may kahusayan sa pangkalahatan. Nagtataglay ito ng mga ideya ukol sa mga hamon ng Timog- Silangang Asya ngunit maaaring may ilang aspekto ng pagsasama ng ideya na kailangan ng pagpapabuti.	3- Katamtaman	Ang poster ay may ilang kahinaan at pagkukulang sa pagsasama ng ideya. May mga aspeto ng disenyo na kailangang mapabuti upang maging mas malinaw at mas epektibo.	2- Kailangan ng Pagpapabuti	Ang poster ay may malaking kahinaan sa pangkalahatan. May malalang pagkukulang sa pagsasama ng ideya, disenyo, at pagsusulat. Hindi naipakita ang malalim na pag-unawa ukol sa mga hamon ng rehiyon.	1- Hindi Sapat	
kalahok ang kahusayan sa pagsasama ng ideya at malikhain na pagpapahayag.												
Ang poster ay nagtataglay ng maayos na pang-unawa sa mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya. Maayos ang pagsasama ng ideya, at maingat ang paggamit ng kulay, larawan, at teksto.	4- Mahusay											
Ang poster ay may kahusayan sa pangkalahatan. Nagtataglay ito ng mga ideya ukol sa mga hamon ng Timog- Silangang Asya ngunit maaaring may ilang aspekto ng pagsasama ng ideya na kailangan ng pagpapabuti.	3- Katamtaman											
Ang poster ay may ilang kahinaan at pagkukulang sa pagsasama ng ideya. May mga aspeto ng disenyo na kailangang mapabuti upang maging mas malinaw at mas epektibo.	2- Kailangan ng Pagpapabuti											
Ang poster ay may malaking kahinaan sa pangkalahatan. May malalang pagkukulang sa pagsasama ng ideya, disenyo, at pagsusulat. Hindi naipakita ang malalim na pag-unawa ukol sa mga hamon ng rehiyon.	1- Hindi Sapat											
Ang rubrik na ito ay naglalayong bigyan ng kabuoang pagmamarka ang likas na kakayahan ng kalahok sa paggawa ng mga mag- aaral ng poster ukol sa mga hamon sa pagkabansa ng Timog-Silangang Asya pagkatapos ng Kumperensiya ng Bandung. Ang pagmamarka ay binabase sa kabuoang epekto at kahusayan ng poster sa pagpapakita ng malalim na pang-unawa sa nasabing temang pangkasaysayan.												

	3. Paglalapat at Pag-uugnay Sa aktibidad na ito, ituon ang atensiyon sa mga kasalukuyang hamon na kinakaharap ng ating bansa. Ilarawan ang mga nagiging sanhi nito at ang mga epekto nito sa bawat isa. Magbigay ng konstruktibong mungkahi o solusyon upang maiwasan ang pag-usbong ng di-pagkakaintindihan sa mga mamamayan, na naglalayong mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa ating bansa. Isulat ito sa sagutang papel. <table><tr><th>Pamantayan</th><th>Puntos</th></tr><tr><td>Nilalaman</td><td>10</td></tr><tr><td>Organisasyon ng Ideya</td><td>5</td></tr><tr><td>Kaangkupan sa Paksa</td><td>5</td></tr><tr><td>Kabuoan</td><td>20</td></tr></table>	Pamantayan	Puntos	Nilalaman	10	Organisasyon ng Ideya	5	Kaangkupan sa Paksa	5	Kabuoan	20	
Pamantayan	Puntos											
Nilalaman	10											
Organisasyon ng Ideya	5											
Kaangkupan sa Paksa	5											
Kabuoan	20											
D. Paglalahat (Abstractions)	Pabaong Pagkatuto Ipahayag ang sariling opinyon base sa natutuhan mula sa aralin. Isulat ang pahayag sa loob ng kahon. <table><tr><th>Iyong Natutuhan</th><th>Reaksiyon</th><th>Tanong</th></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table>	Iyong Natutuhan	Reaksiyon	Tanong				Ang bahaging ito ay magisilbing daan para sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga natutuhan sa natapos na aralin. Dito makikita ng guro kung may natutuhan ang mga mag-aaral sa paksang pinag-aralan sa linggong ito.				
Iyong Natutuhan	Reaksiyon	Tanong										

F. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	
	<i>Estratehiya</i>			
	<i>Kagamitan</i>			
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			
	<i>At iba pa</i>			
G. Pagninilay	Gabay sa Pagninilay: ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa? ▪ <u>Mag-aaral</u> Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral? ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> Ano ang aking nagawang kakaiba? Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?			